

# Ipagtanggol: JOMA Makabayan!

ni Emmanuel K. Guillermo

Itaguyod ang pambansang pakikibaka laban sa imperyalistang paniniil!

Sa ilalim ng bandilang "pandaidigang digmaan kontra-terorismo" na pinangungunahan ng imperyalistang Estados Unidos, binansagang terorista ang Communist Party of the Philippines (CPP) at ang tagapagtatag na tagapangulo nitong si Jose Maria Sison, o si Ka Joma.

Unang napabilang sa listahan ng mga "dayuhang teroristang organisasyon" ang CPP-NPA noong Agosto 2, 2002. Naganap ito sa panahong papaigting ang gerang agresyon ng US sa iba't ibang bansa, partikular na sa Pilipinas sa pamamagitan ng Balikatan 02-1. Agad na sumunod na rin ang Konseho ng Unyong Europeo na ipabilang ang CPP at si Sison sa listahan nito ng mga "terorista" noong Oktubre 28, 2002.

Bunsod nito, agarang binawi ng gobyernong Olandes ang mga karapatan at benepisyong tinatamasa ni Sison bilang isang political refugee sa The Netherlands. Kabilang dito ang pagpigil kay Sison sa pagtanggap ng living allowance at housing insurance. Sa kabila ito ng mahabang panahong pakikipaglaban ni Ka Joma at ng kanyang mga tagapagtanggol upang makamit niya ang *political refugee status* magmula pa noong ma-exile siya noong 1987. Simula taong 1992, inaapila ang kanyang *asylum* sa gobyernong Olandes sa ilalim ng European Convention on Human Rights (ECHR).

## Numero unong terorista

Kung sisipating mabuti, direktang atakeng ito ng imperyalistang US sa demokratikong karapatan ni Ka Joma. Sa gayon, paniniil ito ng US sa patuloy na sumisiglang pakikibaka para sa pambansang demokrasya na isinusulong ng mga rebolusyonaryong kilusan, at ni Ka Joma, bilang pangunahing tagapayong pulitikal ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP).

Sa gitna ng tumitinding krisis ng kapitalismo, ayon kay Sison, muling nagsasabwatan ang mga imperyalistang bansang US at Netherlands na kapwa may hawak ng malalaking kumpanya ng langis sa bansa. Tinik sa lalamunan ng mga multinasyunal na kumpanya ang panawagan sa pagsasabansa ng industriya ng langis na pinangungunahan ng mga organisasyong pinapayungan ng NDFP tulad ng Kabataang Makabayan.

Mismong ang reaksyunaryong rehimeng Arroyo ang nagbubuyo sa mga dayuhan na gipitin si Ka Joma. Sa pahayag ni Sison, patuloy siyang gigipitin ng estado hangga't hindi naaprubahan ang pinal na kasunduang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at ng Gobyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP).

Sa pamamagitan ng pagdeklarang "terorista" sina Ka Joma at ang CPP-NPA-NDF, lantarang binabalewala at sinasalaula ng imperyalistang US at ng papet na rehimeng Arroyo ang mga resolusyong ginagabayan maging ng mga reaksyunaryong institusyon tulad ng United Nations Security Council at ng ECHR.

## Reaksyon at aksyon

Maging sa hanay ng mga reaksyunaryo ay nakakuha ng simpatiya si Ka Joma. Maging si dating Bise Presidente Teofisto Guingona ay nagsasabing makabayan at tunay na rebolusyonaryo ni Ka Joma at hindi isang teroristang naghahasik lamang ng walang-habas na lagim.

Nagsilbi ring tagapagtanggol ni Sison sa internasyunal na komunidad ang dating Attorney General ng administrasyong Johnson. Sinabi nitong harapang panlalapastangan ito ng US sa soberenya ng Pilipinas at tuwirang pagbabasura sa usaping pangkapayapaan.

Sa ganitong sitwasyon, maagap na pagtugon ang rebolusyunaryong kilusan at lumalabang mamamayan. Kabilang dito ang paghahapag ng kalagayan ni Ka Joma, maging ng CPP-NPA-NDF, sa negosasyon sa usaping pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP. Gayundin ang pagsasampa ng kaso at reklamo sa Konseho ng Unyong Europeo at maging sa pambansang larangan upang pwersahin ang US at ang pamahalaang Arroyo na alisin sa "terror list" si Ka Joma at ang CPP-NPA-NDF.

Pinaiigting rin ang kampanya upang ipagtanggol si Ka Joma at ang kanyang mga demokratikong karapatan sa pamamagitan ng DEFEND Committee na siyang nagpapalaganap sa kampanya upang pagtibayin ang mga karapatan ni Ka Joma.

Mula rito'y ibinubudyong ang ating masikhay na pag-aaral sa loob nga ating mga kolektibo at ang pagpapalaganap ng kampanyang pagsuporta sa agarang pagbawi sa "terror tag" ng imperyalistang US at maging ng Unyong Europeo.

Sapagkat sa pagsikil ng imperyalistang US sa demokratikong karapatan ni Ka Joma, minamaliit at direktang inaatake ang pinunlang pambansang kilusan para sa pagpapalaya at pambansang demokrasya.





OPISYAL NA PAHAYAGAN NG KABATAANG MAKABAYAN
Kalayaan
HULYO 2004

EDITORYAL

# Sampung Punto ng Kasinungalingan: Sa SONA ni Gloria, Walang Maaasahan

Magpapakalango na naman sa kasinungalingan si Gloria.

Sa kanyang ikaapat na State of the Nation Address (SONA), aapaw nanaman ang mga papuri sa sarili at mga ilusyong sitwasyon ng bansa. Pupulunging muli ang mga reaksyunaryong puwersa sa Kongreso upang tumango at pumalakpak sa bawat talata. Sila-sila lang na naman ang magpapakalango sa kasinungalingan at retorika.

Ngayong SONA, tiyak na muling ilalatag ni Gloria ang kanyang 10 puntong hungkag na programa – isang listahan ng mga pangakong matagal nang napako at mga programang nagpapanatili sa sistemang tiwali.

Matagal nang pinangako ni Gloria ang milyun-milyong trabaho para sa mga Pilipino. Madaling ipangako ito, lalupa't napakalaking bilang ng manggagawa ang kontraktuwal, kung saan ilang buwan lang ang kasiguruhan sa trabaho – isang mapanlinlang na taktika upang palabasin na natutupad ng gobyerno ang mga pangako nito sa empleyo. Mas masaklap pa, nananatiling napakababa ng sahod habang patuloy na tumataas ang pangaraw-araw na gastusin.

Maging ang mga ekonomista at ilang elemento ng naghaharing-uri ay hindi naniniwalang makatotohanan ang pinapangarap ni Gloria. Malaki ang depisitong kakaharapin ng gobyerno sa pambansang badyet bunga ng garapalang pangungurakot ng mga opisyal nito. Sa loob ng tatlong taong panunungkulan ni Gloria, taun-taong pumatapak ang depisitong ito sa P200 billion. Kaya naman gayon na lang ang mani-obra ng administrasyong maipatupad ang pagpapataw ng mga karagdagang buwis upang mabalanse diumano ang depisito – bagay na lalo pang makakadagdag sa mga pasaning nagbabaon sa masa sa kahirapan.

Nais din ni Gloria na magkaroon ng isang iskolar ng bayan sa bawat tahanan bilang programa sa edukasyon. Ngunit taliwas ang pag-usal niyang ito sa nagaganap na pagsasalaula ng mga negosyante-edukador sa serbisyong nararapat lamang pondohan ng gubyerno. Sa pagpasok ng taong-akademiko, walang habas na nagtaas ng matrikula ang lampas sa 200 paaralan. Tanging mga kapitalista-edukador ang nakikinabang sa pagtalikod ng pamahalaan sa responsibilidad nito sa edukasyon dahil binibigyan pa nito ng katuwiran ang mga naturang paaralan na magtaas ng matrikula. Hindi man lang napailing ang gubyerno rito sapagkat mas pinipili nitong paglaanan ng badyet ang militar at pagbayad sa utang panlabas kaysa pagpondo sa mga serbisyong panlipunan tulad ng edukasyon.


Baluktot ang mga iminumungkahi ni Gloria na pormula sa pag-unlad. Balak niyang paunlarin ang Clark at Subic bilang sentro ng kalakal sa Pilipinas. Malinaw na hindi Pilipinas ang makikinabang dito dahil pinadudulas lamang nito ang pagpasok ng mga multinasyunal na korporasyon sa bansa. Sa gayon, magsisilbi lamang itong mekanismo upang patuloy na mapanghawakan ng mga nasabing kumpanya ang mga interes nito sa bansa. Lalo lang nitong pinatitibay ang katangian ng bansa bilang tambakan ng mga surplus na produkto ng mga imperyalistang bansa.

Balak din ni Gloria na magpatupad ng *automated elections*. Tiyak na magiging makinarya lamang ito ng malawakang pandaraya sa susunod na eleksyon. Hindi ito nalalayo sapagkat ang pagkapanalo niya ngayong taon ay bunsod lamang ng malawakang pandaraya sa bahagi ng administrasyon.

Tuluyan na rin niyang nilapastangan ang diwa ng EDSA, ang mismong puwersa na unang nagluklok sa kanya sa puwesto, sa pamamagitan ng mapagpanggap na panukala niyang "rekonsilyasyon." Matatantong hindi tunay na rekonsilyasyon ang nais ni Gloria, kundi ang pagpapatahimik sa oposisyon upang mas madulas niyang maipapatupad ang mga baluktot niyang panukala.

Hungkag namang ibinabandera ni Gloria ang interes umano niyang muling pumasok sa usapang pangkapayapaan. Hanggang ngayon, hindi pa rin natatanggal ang CPP-NPA-NDF sa listahan ng mga teroristang grupo at patuloy pa rin ang pulitikal na panunupil kay Kasamang Jose Maria Sison. Patuloy pa rin ang matinding militarisasyon sa kanayunan upang tugisin ang rebolusyonaryong kilusan.

Ngayon higit kailanman kinakailangang pagsikhayan ng KM ang rebolusyunaryong adhikain. Ngayong taon, gugunitain natin ang ika-apatnapung taon ng paglaban sa mga kasinungalingan at panlilinlang ng mga nagdaang reaksyunaryong pamahalaan. Sa nalalapit na ika-40 anibersaryo ng KM, pangunahan natin ang paglunsad ng mga kampanyang magpapaigting pa sa ating paninindigang labanan ang tatlong salot ng lipunan at higit pang pagtibayin ang landas ng rebolusyonaryong pakikibaka. Sa kawalan ng pagbabago sa malakolonyal at malapyudal na lipunan, patuloy nating pag-aalabin ang diwa ng rebolusyon.



Kalayaan
Hulyo 2004

Nilalaman

1 Editoryal
Sampung Punto ng Kasinungalingan: Sa SONA ni Gloria, Walang Maasahan

2 Balita
Kampanya laban sa Bridge Program, Tagumpay!

3 Lathalain
Sistema ng Edukasyon sa Ilalim ng Rehimeng Arroyo

4 Lathalain
Kandili ng Kordi

6 Lathalain
Pasa-Bilis

7 Kultura
Wika ni Ting Remolino

8 Lathalain
Ipagtanggol: Joma Makabayan!

Ang *Kalayaan* ay regular na inilalabas ng Pambansang Kalihiman ng KM.

Maari itong i-download mula sa kabataangmakabayan.tripod.com.

Tumatanggap ang *Kalayaan* ng mga kontribusyon, artikulo, rebyu at likhang-sining mula sa mga kasapi ng KM sa buong bansa. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng kanilang mga puna at mungkahi para sa ikauunlad ng pahayagan. Maari kaming i-email sa kabataangmakabayan64@yahoo.com.

# Kampanya laban sa Bridge Program, tagumpay!

**IDINEKLARA KAMAKAILAN NG** Departamento ng Edukasyon (DepEd) ang tuluyan na nitong pagbasura sa panukalang Bridge Program matapos ang tuluy-tuloy na maiigting na mga protesta laban dito.

Sa ilalim ng panukalang ito, nakatakda sanang pumaloob ang kalahati ng 1.4 milyong estudyanteng kumuha ng High School Readiness Test ng DepEd sa karagdagang isang taong kurso sa Agham, Matematika at Inggles ngayong taong ito.

Simula Mayo, naglunsad ng sunud-sunod na mga rali, *dialogue*, *petition-signing* at iba't iba pang mga porma ng protesta ang mga estudyante, guro at magulang ang tanggapan ng DepEd sa pangunguna ng League of Filipino Students (LFS) High School at ng Alliance of Concerned Teachers (ACT).

Kaugnay nito, itinuring na inisyal na tagumpay ng sama-samang pagkilos ng kabataang Pilipino ang pagdeklara ng DepEd na gawing opsyonal ang Bridge Program noong Hunyo 7.

Ani China de Vera, tagapangulo ng LFS High School, "Patunay lang ito na hindi handa ang DepEd sa pagpapatupad sa programa at wala itong kaakibat na suporta mula sa publiko. Hindi solusyon ang Bridge program sa mababang kalidad ng edukasyon, dagdag na pahirap lang ito sa mga magulang, sa mga estudyante."

Sa halip, aniya, kakulangan at kawalan ng kalidad ng mga silid-aralan, guro, libro, at mga pasilidad ang mga suliraning pang-mag-aaral na dapat tugunan ng DepEd.

# Bagong balangay ng Kabataang Makabayan, itinatag

**SA ISANG PULONG** noong nakaraang Hulyo 24, pormal na itinatag ng mga Kabataang Makabayan (KM) ang Balangay LaCoste sa isang pamantasan sa lunsod ng Kalookan.

Simula noong dekada '80, ang balangay na ito ang kauna-unahang naitatag sa naturang paaralan. Matatandaang mainit at masigla ang naging pagkilos ng dating Balangay Eliet Morales dito ngunit, sa kalauna'y, lumihis ang oryentasyon nito at tuluyan nang natransporma bilang isang fraternity na lamang.

Pagsapit ng 2002, nagsimula itong buhayin ng ilang mga *alumni* ng pamantasan na naging bahagi rin noon ng nagkawatak-watak na balangay. Masusi at matamasa nilang pinag-aralan at iwinasto ang mga maling kagawian at oryentasyon.

Sa kasalukuyan, may 12 kasapi ang tsapter, na inaasahan nilang mapalalago pa sa pamamagitan ng masiglang propaganda lalo na sa mga mag-aaral ng pamantasan at sa mga kalapit na komunidad.

Kinatampukan ang pagtatag ng balangay ng pagpapalabas ng Isnayp, isang bisyo-dokumentaryo ng aktwal na taktikal na opensibang isinagawa ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Bikol.

Ayon kay Tikoy, bagong-halal na tagapangulo ng Balangay LaCoste, pangunahin nilang layunin ang pagpapataas ng antas ng pagkakaisa at dedikasyon ng mga kasalukuyang miyembro. Aniya, di magtatagal ay pagtutuunan naman nila ang pagtatatag ng isa pang balangay ng mga KM sa high school ng kanilang pamantasan..

"Nagpupugay kami sa mga naging katuwang at inspirasyon namin upang muling itaguyod ang nasimulang pagkilos at ipagpatuloy ang kasiglahan sa pagpapalawak at pagsasanay sa mga aagapay sa armadong pakikibaka," ani Tikoy.

Bilang payo sa mga naghahangad na magtatag ng tsapter, iminumungkahi ni Tikoy ang kolektibong pamumuhay na, sa kanyang karanasan, ay may malaking papel na ginampanan sa pagkakaisa ng kolektibo. Gayundin, dapat aniyang ilaan ang taimtim na pagyakap sa prinsipyo ng mas mataas na uri ng pakikibaka, ang armadong pakikidigma.

Ang Balangay La Coste ay ang pinakahuli sa matatagumpay na bagong-tatag na balangay ng KM ngayong taong ito.







guhit ni Ka Bobet

# Wika

Ting Remontado

naglalakad tayo
at sikreto kong ineensayo
ang pagpitik ng dila kong bago
palihim kong inuusal
ang pagwaksi sa wika kong basal:
kaytagal kong nangusap
sa lengguwaheng bulaan!
ang mga hambog na talastasan
sa daigdig ko noon: ututang-dila
na walang kaparararakan
walang sinseridad
walang kabuluhan

sa tulad nitong paglalakad
ay di na iniisip ang daang malubak
unti-unti kong binubuo sa utak
ang mga taludtod at pangungusap
sa bagong wikang niyayakap
ang balangkas ay masinsin
at ang bulalas ay payak

sapat upang ilarawan ang buhay
na bagamat simple
ay tigib ng kontradiksyon
sapat upang maunawaan
kumbakit bukambibig
kamatayan at pag-ibig
itong rebolusyon

dadaluyong
ang mga salita
at aapaw na tila bukal
ang katapatan sa aking tinig
kaulayaw ng ating mga kapanalig
at lahat ng api na ating kinakabig

kasama, isang araw
ay akin nang maipagmamalaki
na itong dila na lihim kong sinasanay
ay akin na ring wikang gamay at sarili

# Sistema ng Edukasyon

mula sa pahina 3

ibinibigay ng rehimen ang ilang taon nang iginigiit na P125 (P155 na ngayon) dagdag na sahod ng mga manggagawa at P3,000 dagdag sa sweldo ng mga kawani ng gubyerno. Ang papaliit na tunay na halaga ng sahod at sweldo, kasabay ng pagsirit ng presyo ng langis, kuryente at iba pang pangangailangan, ay lalo lamang nagkakait sa kabataan ng karapatang makapag-aral.

Ayon sa isang ulat, 1.7 milyon ng mga batang edad 7-12 ang hindi nag-aaral. Mula naman sa walong milyong kabataang dapat ay nasa kolehiyo, 2.3 milyon lamang ang aktwal na nakakapag-aral. Ayon naman sa isang pag-aaral ng Ateneo de Manila University, sa bawat 100 mag-aaral, 66 lamang ang nakapagtatapos ng elementarya, 42 ng hayskul at 14 lamang ang nakapagtatapos ng kolehiyo.

## Mga palabas ni Arroyo

Ipinagmamalaki ng rehimen ang dalawang programa nito sa edukasyon. Inilunsad ang mga palabas na programang ito sa huling mga buwan ng panunungkulan ni Gloria Arroyo sa imbing hangaring makuha ang boto ng mga estudyante at kanilang mga magulang. Inilunsad ang Iskolar sa Bawat Mahirap na Pamilya nito lamang Abril. Inumpisahan naman ang Student Assistance Fund for Education for a Strong Republic (SAFE 4 SR) noong maagang bahagi lamang ng taong kasalukuyan. Nakadisenyo ang dalawang programa sa edukasyon para sa mga estudyante sa kolehiyo, na nasa edad para bumoto, lalo na ang SAFE 4 SR na para sa mga nasa ikatlo't ikaapat na taon.

Sa ilalim ng Iskolar sa Bawat Mahirap na Pamilya, limang milyon umanong mag-aaral ang magiging iskolar sa loob ng dalawang taon sa alinmang pampublikong kolehiyo o unibersidad, o maaaring pagtapusin ng dalawang-taong kursong teknikal o bokasyunal. Sistemang *study-now, pay-later* naman ang SAFE 4 SR, na magpapautang ng pondo para sa mga estudyanteng nasa ikatlo't ikaapat na taon upang makabayad sa eskwelahan at sa gayon ay makatapos umano ng pag-aaral.

Pabor ang programa ni Arroyo sa mga kapitalistang may-ari ng mga pribadong ekswelahan dahil tiyak pa ring makapagbabayad ng matrikula ang mga estudyanteng benepisyaryo kahit tumaas pa ang mga bayarin. Pero bukod sa kakarampot na bilang ng mga mag-aaral na mabibiyayaan, libu-libo pang estudyante ang mapipilitang tumigil sa pag-aaral dahil sa bigat na ng mga gastusin.

Ang malaking tanong ay kung saan kukunin ni Arroyo ang bilyun-bilyong pisong kakailanganin niya para tustusan ang ambisyosong proyektong ito gayong napakalaki na ng depisit sa badyet ng gubyerno. Ang tumitimo sa isipan ng marami, isa na naman itong engrandeng panlilinlang di lamang para kunin ang boto ng mga estudyante kundi mapahupa rin ang nangngangalit nilang damdamin sa grabeng pagpapabaya ng gubyerno ni Arroyo sa kanilang kagalingan. Kung tutuusin, hungkag ang mga programang ito dahil nararapat lamang na libre ang edukasyon para sa lahat ng mag-aaral.

## Pondo ng pasista


Tahasang ipinagkakait ng rehimen sa kabataan ang karapatan nila sa libreng edukasyon. Ang mga guro naman ay pinagtitiis sa napakabababang sweldo. Samantala, todo-bigay naman ito sa mga hinihingi ng AFP at PNP. Sumusunod ang ilang alokasyon para sa AFP at PNP noong nakaraang taon:

§ **P3 bilyong** dagdag na sweldo ng mga elemento ng AFP
§ **P2.1 bilyong** dagdag na sweldo ng mga pulis
§ **P1.4 bilyon** para sa CAFGU
§ **P1.2 bilyon** para sa mga bagong pulis, jail guard at bumbero
§ **P1.1 bilyon** para sa pensyon ng mga retiradong militar
§ **P800 milyon** para sa mga bagong mersenaryong sundalo
§ **P96.3 milyon** para sa Balikatan exercises.

# Mga liham mula sa kanayunan

**PASA-BILIS:**

Mula sa dibdib ng kanayunan, sa taluktok ng bundok, sa dalisdis ng batis; isang dipa lang ang palitan ng salita at rebolusyonaryong diwa.



Pebrero 2004

Comrades Janet at Alex,


Isang naglalagablab na *ever-agit* na *communist felicitations* sa inyong dalawa mula rito sa kabundukan ng Kordilyera!

Kumusta naman? Siguradong *busy for life* na kayo ngayon diyan. Dito naman ay kasalukuyang binubuo ang taktikal na programa at sa ngayon ay lumalawak na ang aking paggagap sa tatlong pangunahing trabaho ng isang pulang mandirigma – pagbubuo ng rebolusyunaryong baseng masa, pagsusulong ng agreb at pakikidigmang-gerilya. Kasabay ito ng higit pang pagkaunawa at pagpapahalaga sa partikular na katangian at tungkulin ng larangan/ yunit na kinapapalooban ko ngayon. Hitik na hitik na ang aking pagbisita rito sa mga karanasan at kaalaman pero sa ngayon ay napakarami pa ring dapat pag-aralan, magagap at isapraktika.

Pangunahin rito ay ang pampulitikang tungkulin ng H, lalo na sa organizing. Bagamat masasabing armado na tayo kahit papaano ng mga batayang kaalaman sa yugtu-yugtong pag-oorganisa, napakarami ko pang natututunan at kasalukuyan pang inaaral sa partikular na mga hakbang sa pag-oorganisa sa kanayunan, higit pa sa hanay ng uring magsasaka na mga pambansang minorya din. Bukod sa wika, ang isa pang mabigat na hamon na sinalubong at kasalukuyan kong hinaharap ay ang mahusay, epektibo, maliwanag at syempre, pang-agit na paraan ng pang-prop.

Ibang-iba talaga kasi ang mga magsasaka/minorya sa mga mga nakasanayan nating organisahin na tulad nating mga estudyante. Kung sa mga estudyante't intelektwal na tinatiyaga nating tunggaliin sa antas teorya, dito sa kanayunan ay praktika't teorya ang labanan – dahil bagamat mayaman ang praktika ng masa, tungkulin nating itaas ito sa diskurso ng MLM at muling ibalik sa kanila para higit na pagyamanin sa proseso ng inkorporasyon sa *praxis* ng masa. Sa prosesong ito ng pagpapayaman at pagpapaunlad ng teorya't praktika ay walang patumangga mong buong diwang mamahalin ang masa. Laluna kapag nakikita at nararamdaman mong buong diwa rin nilang tinatanggap ang rebolusyon.

Gayunpaman, hindi madalian ang gawaing pag-organisa batay na rin sa antas ng kabuhayan nila at sa *geographical conditions* ng erya. Bukod sa magkakalayo ang mga komunidad/baryo, pangunahing kailangan din harapin ang gawain nila sa bukid at kabuhayan – at dito tumatagos ang pangangailangan ng isang maunlad na programa para sa agreb – sama-samang pagtanim man o pagbibigay natin ng mga proyektong makakatulong sa kanilang kabuhayan. Ito rin naman ang susi para higit na mapakilos ang masa bukod pa sa paglalapit ng atin sarili sa kanila sa paraan ng ating mismong paglahok sa produksyon. Kaya nga kahit na peti-b tayo, sa *cycle* ng produksyon at sa ating paglahok dito naipagpapatibay ang ating pagkakaisa. At kahit na medyo may katagalan, makukuha mo na rin ang ilang matitingkad na bahagi ng kanilang kultura – pamumuhay, sining, musika at maging *humor*. Sa ngayon, nasa antas pa ako ng pamilyarisasyon (kahit mahigit isang taon na ako rito) sa bahaging ito at unti-unting napapalalim ang paggagap at pagsusuri.



Kung usapin ng buhay-armado, napakarami pa talagang dapat habulin at kinakailangang seryosong pag-aralan at isadiwa. Sa ngayon ay nagrebyu kami ng platun bilang batayang pormasyon gayundin ang partikular na katangian ng SDG. Kung usapin naman ng kasanayang militar, napakarami pa rin na dapat pag-aralan at unti-unting maisadiwa. Syempre, sa antas ng ating digma ay hindi lang sapat ang humawak ng sandata, kundi mas higit pa ang umani ng napakaraming pangmilitar at pampulitikang tagumpay para sa higit na ikasusulong ng rebolusyon.

Sa bahagi naman ng mga kasama rito, sa tingin ko ay katulad ko ring estudyante ng Pulang Paaralan. Napakayaman ng mga talakayan sa *assessment* at programahan at *agit* ang *prospects* para sa larangan. Kung kaya kahit na maraming trabaho ay handa pa ring harapin ang mga ito ng may higit na pagsisikhay at pagpapanday. Halos wala na akong nasasalubong na mga usapin hinggil sa integrasyon sa mga kasama. Masasaya naman sila sa kabila ng mahihirap na trabaho tulad ng gawaing serbisyo (halimbawa, pagbubuhat ng bigas at suplay para sa ilang activities dito) at sakripisyo para sa rebo. Medyo may kakulitan din ang ilan kaya ayos din. Kung ako naman, relatibong naigpawan ko na ang pagiging *revolutionary autistic* at bumabangka na rin minsan sa mga kulitan *portions*. Ibig sabihin, naigpawan ko na ang madugo at nakakapraning na *adjustment stage* at tinatahak ko na ang antas ng relatibong pagpapakahusay sa gawain. Pero hindi ibig sabihin na resolbado na ang mga mayor na kontradiksyon. Bagamat may ilang nareresolba at nireresolba pa rin, umiigting rin ang antas ng mga tunggalian sa ngayon. Kunsabagay, ito naman ang batas ng pag-unlad, bukod sa buryong ang *life* kung wala ang mga ito. Basta ganoon pa siguro ngayon, harapin na lang ang mga trobol at huwag nang lumikha ng iba pa, hehehe. Syempre, sa aktwal ay kolektibo namang pinagtutulungan ang pagresolba ng mga kontradiksyon – personal at pulitikal.

Hanggang dito na muna sa ngayon at pasensya na kung hindi tayo gaanong nakapagkwentuhan noong pumasyal kayo rito. Salamat ng marami sa mga naibahagi ninyo at mga tulong-materyal na rin para sa kabuuang larangan. Sumulat kayo kahit na alam kong maraming trabaho ngayon. Oist, Ka Anton, salamat dito sa *sketch pad* (kailan nga pala ang program ng pag-CS ninyo?)!!! ?*Adbans hapi 35th anib ng NPA sa ating lahat!!!* Pakipaabot ang pagbati at pangungumusta kina Hilda, Luna, Bogart, Ivy at sa lahat ng *ardent supporters* ng *socialist cause*!!! AGBIAG!


Pawiin ang uri,
Eman Montes





# Sistema ng Edukasyon sa ilalim ng rehimeng Arroyo

hango sa *Ang Bayan*



Sa tatlong taong panunungkulan ni Gloria Arroyo, hindi nito ginawang prayoridad ang edukasyon ng kabataan. Sa halip na balikatin ng gubyerno ang responsilidad ng pagpapaunlad sa sistema ng edukasyon, nasa programa nito ang sistematikong pagpapabaya sa edukasyon. Naaayon ang kapabayaang ito sa dikta ng IMF at World Bank na talikuran ng rehimen ang mga serbisyong panlipunan upang mailaan ang badyet ng gubyerno sa pagbabayad ng utang.

Sa itinakdang pambansang badyet para sa kasalukuyang taon, P130 bilyon lamang ang inilaan sa edukasyon kumpara sa pambayad-utang ng bansa na P541 bilyon. Kulang na kulang ang halagang ito para sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral. Dahil dito, dinaranas pa rin ng mga estudyante at guro sa mga pampublikong eskwelahan ang kakulangan sa mga pasilidad, kagamitan at tauhan. Ayon mismo sa Department of Education, ngayong pasukan ay kulang nang 39,383 silid-aralan; 4,125,413 mesa; 9.88 milyong libro at 49,212 guro. May abereyds pa ring 60 estudyante para sa bawat isang guro. Ayon sa isang pag-aaral na isinagawa ng gubyerno mismo sa hanay ng 400,000 guro, 55% ng mga eskwelahan ang walang kuryente, 84% ang walang suplay ng tubig at 38% ang walang palikuran. Ayon sa 25% ng mga sinarbey na guro, walang kisame ang kanilang mga silid-aralan. Dahil na rin sa kakulangan sa mga guro, karamihan sa kanila ay nagtuturo ng mga *subject* na hindi nila pinagsanayan. Dahil taun-taon ay lumalaki ang bilang ng mga dapat mag-aral, lalong lumalala ang kakulangan sa mga nabanggit.

Katulad ng mga pribadong eskwelahan, tumataas ang matrikula at iba pang bayarin sa mga pampublikong kolehiyo at unibersidad. Nakagawian na ang hindi pag-uulat ng mga pagtaas na ito sa Commission on Higher Education (CHED). Isinasangkalan ng mga administrador ng eskwelahan ang pang-eengganyo ng gubyerno na itaas ang mga bayarin sa mga serbisyong dapat ay libre. At sa katunayan, bukod sa pagtataas ng mga bayarin, ineengganyo ng gubyerno ang komersyalisasyon ng edukasyon sa pamamagitan ng pagbebenta ng ari-arian ng mga eskwelahan (tulad ng lupa) at ng pakikipagsosyo sa mga pribadong negosyo. Isang halimbawa ng gayong sosyohan ang isang pamantasan sa Northern Luzon kung saan kabilang sa administrasyon ang burges-kumprador na si Lucio Tan.

Hindi pinigilan ng rehimen ang taunang pagtataas ng matrikula at iba pang mga bayarin sa mga pribadong eskwelahan. Ngayong pasukan, batay pa lamang sa mga nakapag-ulat sa CHED, umabot na sa 214 ang mga pribadong kolehiyo at unibersidad na nagtaas ng matrikula nang 11.39% o P313.24 bawat yunit. Mapanlinlang ang sinasabi ng CHED na ang 214 ay 16% lamang ng kabuuang bilang ng mga pribadong kolehiyo at unibersidad sa bansa.

Ang totoo, wala pang ulat ang marami eskwelahan na nagtaas din ng matrikula, kabilang ang mga nasa Ilocos Region, CAR, Central Luzon, Southern Tagalog at Bicol. Hindi binabanggit ng CHED ang mas marami pang eskwelahang nagtaas ng *miscellaneous fees* sa halip na tuition fee.

Sa napakaraming eskwelahan, kung anu-anong hokus-pokus ang ginagawa upang mabuo ang hanayan ng samutsaring mga bayarin. Hindi ipinapaliwanag sa mga estudyante ang magkakapareho mga bayarin. Halimbawa ng mga ito ang *sports fee*, *athletic fee* at UAAP *fee*; at *energy fee*, *power rate charge at aircon fee*. Katawa-tawa rin ang iba pang mga bayaring tulad ng *development fee*, *parking fee*, *copier fee*, *late enrolment fee* at iba.

Sa maraming kaso, kung pagsasama-samahin ay mas malaki pa ang itinataas ng samutsaring bayarin kaysa matrikula. Hindi inoobligang iulat sa CHED ang pagtataas ng singil sa mga ito.

Makapasok man sa eskwelahan ang mga bata at kabataan, pinahihirapan sila ng kawalang kakayahan ng kanilang mga pamilya na mapunan ang pangangailangn sa transportasyon, pagkain sa eskwela at mga kagamitan. Hindi pa rin

sundan sa pahina 7

# KANDILI NG KORDI

Noong Disyembre, nagtungo ang Kalayaan sa kabundukan ng Kordilyera para magdiwang at patampukin ang katangi-tanging pagdiriwang ng anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas sa nasabing rehiyon. Sa haba ng biyahe at lakaran, hindi na namin naabutan ang pagdiriwang na dinaluhan ng mahigit-kumulang 300 masa at mga Pulang Mandirigma mula sa mga magkakalapit na erya. Gayunpaman, nanatiling makabuluhan ang panahong inilagi namin sa rehiyon at kapupulutan ng matitingkad na aral ang mga karanasan ng rehiyon. Maagap na nag-isip ng paraan ang mga *kaddua* o *kads* para higit na mamaksimisa ang maikling panahong inilagi namin doon.

Sa bahaging ito, layunin naming ilathala ang ilan sa mga panayam, litrato at alaala ng mainit ng pagtanggap sa amin ng mga *kaddua* sa malamig na kabundukan ng Kordilyera:

**Talastasan ng mga Kabataang Makabayan**

**Raya:** Una sa lahat, nagpapasalamat kami sa pagdating niyo dito sa region para maki-integrate sa mga kasama. Isa rin itong sharing ng ating mga karanasan. Pangalawa, nagagalak kami sa balita niyo na muling pagbubuhay ng publikasyon ng Kabataang Makabayan, ang Kalayaan, bilang rebolusyunaryong publikasyon ng kabataan.

Galing din ako sa hanay ng kabataang-estudyante kaya naging bahagi rin ako ng KM. Una akong namulat noong nasa NCR pa ako…tapos, iyon, hanggang nadatnan niyo na ako dito (tatawa). Napakahalagang tungkulin ng kabataan na mag-aambag ang ating lakas, tapang, talino at kakayahan. Dito natin sa kanayunan talaga pwedeng buong buhos na maibigay ang mga ito. Iyon naman ang nag-udyok sa akin na magpultaym sa hukbo – ang maigting na kalagayan ng lipunan at ang matinding pangangailangan dito sa kanayunan ang nagtulak sa akin na tugunan ang mahalagang tungkulin bilang KM noon at NPA ngayon.

Nag-integ ako noon pero sa CL ang erya. May ilang mga naging usapin kaya medyo natagalan din sa pagsosona pero, ultimately, isa rin naman ang pinatunguhan, paghuhukbo pa rin. Matapos ang integ sa CL, bumalik ako sa NCR hanggang sa nai-redispo (nailipat ng disposisyon/gawain) dito sa region, pero sa urban pa noon hanggang dito na rin ako sumampa.

**Chino:** Ako naman, galing din sa sektor ng kabataang estudyante mula sa Baguio. Narekluta ako sa KM noong 1994. Doon unang nabukas sa akin ang pagpupultaym sa kanayunan. Naging matagal ang panahon ng pagkilos ko sa ligal. Noong huling bahagi ng 1998, nai-redispo ako sa sentrong bayan kung saan mga magsasaka na ang pangunahing sektor na aking kinilusan.

Dalawang ulit akong nakapag-expo, dito na rin sa Kordi, bago ako magpultaym. Sa buong panahon ng pagkilos sa ligal, lagi't laging pumapasok sa isipan kung paano nga ba ang sinasabi nating praktika – kasi alam naman natin na ang pangunahing porma ng pakikibaka ay ang armadong pakikibaka. Pero nalimitahan ako noon sa ganoong antas ng pagkilala sa kahalagahan ng AS. Hanggang sa nakita ko na ang ultimong sukatan ng pagkilala na pangunahing porma nga ang AS ay ang mismong paglahok dito.

Syempre, marami akong mga prosesong pinagdaanan. Kung sa bahagi ko, medyo masalimuot kasi may asawa't anak ako. Ang asawa ko, KM din, ang naunang sumampa at sumunod din naman ako agad. Kung susumahin, mga sekundaryong usapin na noong mga panahong iyon naging mga pangunahing usapin sa aming dalawa. Mga eksternal na salik. Halimbawa, kung paano ang bata, kanino iiwan? Paano ang kanyang pag-aaral? Paano ang mga pamilyang iiwan, paano ipapaliwanag sa kanila? Iyon ang mga bumagabag sa akin noon pero noong sinuma ko iisa din ang tinumbok – na sa totoo lang, internal pa rin ang mapagpasya. Ibig sabihin, ang kahandaan at kapasyahan. Mula doon, ang mga nabanggit kong eksternal na salik, naging madali na ang pagtugon at pagsagot. Ang pagkilala sa kahalagahan ng AS, hindi lang sa usapin ng teorya at prinsipyo kundi sa usapin din sana ng pagsasapraktika nito.

**Kalayaan:** Batay sa karanasan ninyo, ano ang pagkakaiba at pagkakapareho ng gawain sa urban at dito sa kasalukuyang gawain niyo ngayon?

**R:** Napakalaki ng pagkakaiba ng katangian ng mga gawain. Noong nasa urban pa kami, partikular na sektor na kinilusan ang hanay ng mga estudyante. Mga peti-burges. May kahirapan ang pag-aangkop kung paano natin sila mahihikayat na maorganisa hanggang sa marekrut natin sila sa KM. Alam naman natin kung ano ang katangian ng mga peti-b. Ito naman ang isang tuluy-tuloy na tinutuklas natin, kung paano pa natin mapapaunlad ang praktika natin sa larangang ito. Noong pumasok ako sa sona, may dinaanang panahon ng adjustment sa paggampan sa gawain dahil hindi lang hanay ng kabataan ang hinaharap – may mga kabataang magsasaka, kababaihang magsasaka, lalaking magsasaka…(tatawa) lalaking magsasaka daw o!

Sa mga kabataan naman, may tinatawag na *youth organizing group* (YOG). Sila ang tumatayong local KM. Hanggang sa maabot na nila ang level ng ganap na samahang masa (GSM) ng kabataan, ito naman ang tumatayong local chapter ng KM sa isang larangan, sa sonang gerilya. At dahil nga mga magsasaka, kailangan mong makiangkop. Taktika mo kung paano mo sila maimumulat hanggang, ultimately, maorganisa sila. Dito sa larangan, may karanasan na tayong nakapagtayo ng GSM ng kabataan na tumatayong lokal na balangay ng KM.

**K:** Paano naman ang hakbang-hakbang na pag-organisa ng kabataan sa mga baryo? Ano ang kaibahan nito sa pag-organisa ng KM sa mga eskuwelahan at komunidad?

**C:** May partikularidad ang region. Hindi lang basta-bastang sektor ng mga magsasaka, may sangkap din ng mga pambansang minorya. Kahit ang kasaysayan ng KM sa region, iba rin ang pinagdaanan bilang pag-aangkop sa partikularidad na ito. Hindi lang mga kabataang magsasaka kundi mga kabataang kabilang sa pambansang minorya ang inoorganisa namin. Naunang itayo ang KM dito, pero bago pa man ito itayo, may mga organisasyon ng kabataang pambansang minorya nang nakatayo.

Halimbawa, noong 1960s sa Maynila, kung mayroong SDK, KM, may Highland Activists at Katutubong Kabataan sa Kordilyera (KKK) naman dito. Noong 1980s naman, nakita ang kahalagahan ng pagtatayo ng isang UG MO ng mga kabataang pambansang minorya. Itinayo ang DATAKO o Demokratiko a Tignayan Iti Agtutubo Ti Kordilyera (Demokratikong Kilusan ng mga Katutubo sa Kordilyera) bilang lihim na organisasyon ng mga kabataang pambansang minorya.

Noong mga panahong iyon, nagkaroon ng ilang mga usapin at problema. Halimbawa, ang KM ay eklusibong nagdadala ng mga pambansang isyu. Anumang mga pambansang isyu, KM ang nagdadala. Habang ang mga isyu ng pambansang minorya, ekslusibo namang dinadala ng DATAKO. Mali ito dahil pareho naman silang pambansa demokratikong kilusan ng kabataan kaya dapat pareho nilang dinadala ang mga isyu. Kaya noong mid-90s, nakita ang pangangailangan na pag-isahin na lang ang KM at DATAKO. Kaya ang pangalan ng KM sa Kordi ay KM-DATAKO. Ito na ang tumatayong KM ng region.

Kung sa syudad kasi, sinasabi nating "fluid" ang katangian ng kabataang estudyante – may ibang pagkatapos grumadweyt ay nawawala na. Medyo mahirap ang pagkumbinsi na magtuluy-tuloy silang kumilos, at sa maksimum ay sumampa sa hukbo. Dito naman, dahil sa kalagayang kinapapalooban nila, medyo madaling mag-organisa ng kabataan kumpara sa urban. Alam naman natin ang kalagayan ng mga kabataan sa kanayunan, gaya ng iba ring mga sektor, talaga namang grabe ang pagsasamantala at pang-aapi ng sistema sa kanila. Lagi nating idinidikit yung class character nila sa pagbubuo natin ng YOG, o ng mga cells ng KM-DATAKO sa mga region.

**R:** Ang pagtatayo ng YOG o mga selula ng KM ay katulad din ng pagtatayo ng PKM (Pambansang Katipunan ng mga Magsasaka) chapters sa mga baryo. Nagsisimula rin tayo sa mga organizing group (OG). Habang dumarami ang mga OG, pwede nang itayo ang mga organizing committee (OC) kung saan pamumunuan nito ang mga OG sa ilalim niya. Kung mas maunlad na ang ating gawain sa organizing/chapter building, pwede nang itayo ang chapter, ang ganap na samahang masa (GSM). Ito na ang balangay na ang saklaw ay buong baryo o komunidad.

Ang isang iwinawasto natin ngayon ay ang masyadong *ladderized* na porma ng pag-oorganisa. At dahil nga sa partikularidad ng rehiyon na maraming iko-consider sa usapin ng kultura, sa pagpapatupad ng gawain, ito naman ang isang aral na nahalaw natin. Mula rin ito sa lagom ng aming larangan na kinapapalooban, na hindi dapat masyadong *ladderized* – na OG muna bago OC, ganun.


Sa mga rekoberi erya naman, kung may batayan nang buuin agad ang OC na pwedeng mamuno sa mga OG na itinayo, pwedeng gawin ito. Hindi nagpapatali at *rigid* na ipinapatupad ang hakbang-hakbang na pag-organisa. Pwedeng sabay na mailarga ang pamamaraan.


**C:** Ang mga OG, OC hanggang GSM naman ang nagsisilbing binhi ng pagtatayo ng mga gobyernong bayan o mga OKP (Organo ng Pampulitikang Kapangyarihan) sa mga baryo. Sinasanay/hinahasa na natin sila sa pagpapatakbo ng kanilang sariling gobyerno.

**R:** Tulad sa mga eskwelahan, sa karanasan natin na nilalanguyan natin ang mga LTOs, ginagawa rin naman natin dito sa kanayunan. Inuugnayan din natin ang mga nakatayo nang mga organisasyon sa mga komunidad at mga barangay. Direkta rin natin silang inoorganisa. Ang pagkakaiba lang siguro dito sa sona, armado ang pumapasok at direkta nating sinasabi sa kanila na lihim na mga organisasyon ang bubuuin.

**C**: Hindi rin naman tayo nagsasara sa mga ligal na organisasyon bagamat hindi siya ang pangkaraniwan naming ginagawa o kalakaran. Halimbawa, sa mga tinatawag na makukunat o matitigas na erya, nagbubukas tayo sa pagbubuo ng mga ligal na organisasyon – dahil takot pa sa posibleng atake ng kaaway. Nagbubuo rin tayo ng mga hayag na kilusang masa pero hindi natin pinatatagal na ganoon lang. Sa loob ng mga ito, binubuuan din natin agad ng mga lihim na organisasyon o yung mga tinatawag na core group. Bahagi rin ito ng pagsasapraktika ng tinatawag nating dual tactics. Minamaksimisa natin ang mga iba't ibang porma ng pag-oorganisa. Pero laging malinaw sa atin na armadong pakikibaka ang pangunahing porma. ▼







*mga guhit ng mga *kaddua*









mga kuha ni Ka Ninyo

## apagdarikmat

pagsipat sa digmang bayan